# Balitang Manmin

BILANG 69 SETYEMBRE 2, 2012

# "Simula ng Pagbabago ng Buong Mundo"

## Pagdiriwang ng Ika-30 Anibersaryo ng Manmin Central Church


①


②


③


④


⑤


⑥



⑦


⑧

Noong Hulyo 22, 2012, ipinagdiwang ng Manmin Central Church ang ika-30 anibersaryo ng iglesya sa pamamagitan ng pagsamba at pagtatanghal. Ang mensahe ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ay pinamagatang The Treasure of Treasures is Faith" (Pananampalataya Ang Kayamanan ng mga Kayamanan) na hango sa Mga Hebreo 11:1 (Litrato 1).

Sinabi ni Dr. Lee sa kanyang mensahe, "Napakamakahulugan ng pagsamba ngayong araw na ito. Ang laki na ng nakamit nating paglago kumpara noong nagsisimula pa lang tayo. Ang bilang ng mga miyembro at ang sukat ng pananampalataya nila ay ibang-iba na. Mas mabilis na ang pagbabago nila kaysa noon. Higit sa lahat, ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos na ipinapakita ngayon sa iglesyang ito ay hindi maikukumpara sa dati. Hinayaan ng Diyos na dumanas tayo ng maraming pagsubok sa loob ng 30 taon para maitatag natin ang mga pundasyong ito. Ngayon, kalooban Niya na magkaroon tayo ng bagong simula para sa puspusang pagpapahayag sa buong mundo."

Sinabi pa niya, "Ang pamagat ng mensahe sa kauna-unahang pagsamba noong 1982 ay 'Pananampalataya ang Kayamanan ng mga Kayamanan.' Magmula noon, sa 30 taon ng Manmin, tanging pananampalataya lang ang naging saligan namin. Dahil sa pananampalataya, mas naging malakas ang loob namin kaysa sa iba, kahit na $7 (mga P350) lang ang pera namin noon. Naipahayag na ang kaluwalhatian ng Diyos, pero ang pagkilos na ipapamalas Niya simula noon ay higit na magiging maluwalhati pa."

Pagkatapos ng pagsamba, sumunod ang pagtatanghal sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo. Ang unang nagtanghal ay ang mga grupo ng Power Dance, Glory Worship Dance, at Love Dance. Itinanghal nila ang "The Walk of Faith" (Ang Pagsulong sa Pananampalataya) na nagpaalaala sa mga dumalo tungkol sa kasaysayan ng Manmin na puno ng pananampalataya (litrato 2,5,7). Ang sumunod na pagtatanghal ay pinamagatang "God's Banquet" (Ang Piging ng Diyos). Sa pagtatanghal, isinayaw ng grupong Heavenly Dance ang *Ogomu*, isang tradisyunal na sayaw sa Korea. Tumugtog ng iba't ibang klaseng instrumento ang grupo ng Serem Korean Traditional Music at Nissi Orchestra na lubos na ikinagalak ng mga miyembro. (litrato 3).

Pagkatapos, inawit ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee at ng Heavenly Voice Chorus ang "The Castle of the Shepherd" (Ang Kastilyo ng Pastol) na sinaliwan ng grupong Hallelujah Instrument (litrato 4). Hinaplos nito ang puso ng mga manonood. Nanguna naman sa pag-awit ng mga papuri si Rose Han, Pangalawang Tagapangulo ng grupo ng pagtatanghal. Tumugtog ang Brass Ensemble at ang grupo ng Performing Arts Instrument ng "Jesus," sinabayan sila ng lahat ng miyembro. Nagpasalamat silang lahat sa Diyos na may Tatlong Persona.

Bilang panghuling bilang, sama-samang inawit ng Shalom Choir, Nissi Orchestra, at ng lahat ng nagtanghal ang "Glory 3." Nagpasalamat at niluwalhati nila ang Diyos na gumagabay sa iglesya sa loob ng 30 taon.

Sa pagsambang ito, umapaw sa kagalakan at pagpapasalamat ang mga miyembro. Patuloy silang nagpapasalamat sa Diyos dahil napakagandang pagbabago ang ginawa Niya sa mga puso nila sa pamamagitan ng Salita ng buhay. Pinapalago Niya ang pananampalataya nila bawat araw at hinahayaan silang luwalhatiin Siya bilang miyembro ng iglesyang nagliligtas ng hindi mabilang na mga kaluluwa. Niloloob Niyang mamuhay bilang mga Cristianong puno ng mga patotoo ng kapangyarihan ng Diyos. Nakatatak sa mga puso nila ang pag-asang mababago ang buong mundo ng ebanghelyo ng kabanalan na may limang punto at makakarating sila sa Bagong Jerusalem bilang mga banal.

# Mayroon Lang Akong Isang Dakot na Harina sa Tapayan, at Kaunting Langis sa Banga

"Nang siya'y pumunta na upang kumuha, kanyang tinawag siya, at sinabi, 'Dalhan mo ako ng isang pirasong tinapay.' At sinabi niya, 'Kung paanong ang PANGINOON mong Diyos ay buhay, ako'y walang nalutong anuman, tanging isang dakot na harina sa tapayan, at kaunting langis sa banga. At ngayon, ako'y namumulot ng ilang patpat upang ako'y makauwi at ihanda iyon para sa akin at sa aking anak, upang aming makain iyon, bago kami mamatay.' Sinabi ni Elias sa kanya, 'Huwag kang matakot. Humayo ka, at gawin mo ang iyong sinabi, ngunit igawa mo muna ako ng munting tinapay. Pagkatapos ay dalhin mo rito sa akin, at saka ka gumawa para sa iyo at sa iyong anak. Sapagkat ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Diyos ng Israel, 'Ang tapayan ng harina ay hindi magkukulang, o ang banga ng langis man ay mauubusan hanggang sa araw na magpaulan ang PANGINOON sa ibabaw ng lupa.'"
(1 Mga Hari 17:11-14)

Sa panahon ngayon, kakaunti na lang ang pagpapahalaga ng mga tao sa kapwa nila, at abala sila sa pag-aasikaso ng mga sarili nilang buhay. Magkagayun man, paminsan-minsan, may mga taong nagsasakripisyo para iligtas ang kapwa, nababalita ito at pinag-uusapan ng mga tao. Sa katunayan, ginagawa ito ng iba dahil iniisip nilang tungkulin nila ito bilang tao, at nakakatawag-pansin ito dahil mas marami na ngayon ang ayaw tumulong o humarap sa responsibilidad.

Kaya, paano tayo kikilos bilang mga anak ng Diyos na tinuruan ng Salita ng katotohanan? Dapat nating maunawaan na nais ng Diyos na magkaroon tayo ng pusong napakabuti at kumilos tayo nang naaayon sa katotohanan.

Mababasa sa 1 Mga Hari 17 ang kuwento tungkol sa isang balo sa Zarefta na tumanggap ng malaking pagpapala dahil binigyan niya si Elias, ang lingkod ng Diyos, ng isang dakot na harina at kaunting langis sa panahon ng matinding tagtuyot at taggutom. Paano siya nakatanggap ng pagpapala?

### 1.Naipropesiya ni Elias ang tagtuyot sa Israel.

Noong panahon ni Haring Ahab, sumamba sa diyus-diyosan ang hari at ang mga mamamayan ng Israel. Nagkasala sila, kaya isinumpa sila ng Diyos. Ang sumpa ay hindi uulan sa loob ng tatlo't kalahating taon. Bago sila isinumpa, nakatala sa 1 Mga Hari 17:1 na nai-propesiya ng Diyos ito sa pamamagitan ni Elias, "Habang nabubuhay ang PANGINOON, ang Diyos ng Israel! Ako'y nakatayo sa harap Niya, hindi magkakaroon ng hamog o ulan man sa mga taong ito, maliban sa pamamagitan ng Aking salita."

Subalit tinangka pang dakpin at patayin ni Haring Ahab si Elias na naghatid ng propesiya, hindi man lang siya nagsisi. Sinabi ng Diyos kay Elias na magtago sa may batis ng Cherit at inutusan ang mga uwak na dalhan siya ng pagkain doon.

Pero hindi nagtagal, natuyo ang batis dahil hindi umulan doon. At kinausap siya ng Diyos, "Bumangon ka, pumaroon ka sa Zarefta na sakop ng Sidon, at manirahan ka roon. Aking inutusan ang isang balong babae roon na pakainin ka" (1 Mga Hari 17:9).

Hindi sinabi ng Diyos sa balo ng Zarefta, "Papupuntahin ko si Elias diyan, pakainin mo siya." Ang ibig sabihin nito ay tutulungan Niya ang babaing mabatid ang kailangan ni Elias. Malalaman ito dahil may mabuting kalooban ang babae, handa siyang magsakripisyo para sa ibang tao.

Paano nagagabayan si Elias ayon sa kalooban ng Diyos? Dahil siya ay sisidlan na nakahanda para sa kaluwalhatian ng Diyos, siya ay lingkod na ang Diyos ang kasa-kasama. Kinalugdan siya ng Diyos kaya kahit buhay pa siya, iniakyat siya sa Langit sa pamamagitan ng ipu-ipo. Ito ang dahilan kung bakit nagawa niyang magsisi ang mga Israelita sa pamamagitan ng pagpapaulan ng apoy mula sa langit sa Bundok ng Carmel.

Sa 1 Mga Hari 18, hinamon ni Elias ang daan-daang mga propeta ni Baal at Asera na nag-utos sa mga Israelita na


Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

sumamba sa mga diyus-diyosan. Naglagay sila ng mga alay sa altar, at tinawag ng mga propeta ang mga pangalan ng mga diyos nila, habang si Elias ay tinawag ang pangalan ng PANGINOON. At nagkasundo sila na ang Diyos na sasagot sa pamamagitan ng apoy – Siya ang tunay na Diyos. Sa huli, sinagot si Elias sa pamamagitan ng apoy kaya nahayag na ang PANGINOON ay ang tanging tunay na Diyos.

Pinakain si Elias ng mga uwak at ng balo ng Zarefta dahil mahalaga ang paglilingkod niya para sa kaluwalhatian ng Diyos.

### 2. Ibinigay ng balo ng Zarefta kay Elias ang natitirang pagkain niya.

Nagtungo si Elias sa Zarefta ayon sa sinabi ng Diyos sa kanya. Nang dumating siya sa lungsod, mayroong isang balong namumulot ng ilang patpat. Tinawag niya ang balo at sinabi, "Dalhan mo ako ng kaunting tubig sa isang sisidlan upang ako'y makainom." Nang kukuha na ang balo, tinawag muli siya ni Elias, "Dalhan mo ako ng isang pirasong tinapay."

Noong panahong iyon, mahirap na ngang kumuha ng tubig dahil sa mahabang tagtuyot, pero humingi pa siya ng pagkain. Mukhang wala man lang siyang kahihiyan, pero ni hindi nabagabag ang balo ng Zarefta. Siya pa nga ang nahiya dahil hindi niya matulungan si Elias.

Sinabi niya, "Kung paanong ang PANGINOON mong Diyos ay buhay, ako'y walang nalutong anuman, tanging isang dakot na harina sa tapayan, at kaunting langis sa banga. At ngayon, ako'y namumulot ng ilang patpat upang ako'y makauwi at ihanda iyon para sa akin at sa aking anak, upang aming makain iyon, bago kami mamatay" (1 Mga Hari 17:12).

Kung hindi humiling si Elias sa kanya ng ganito, hindi makikita ang mabuting kalooban ng balo na kinalulugdan ng Diyos. Nang marinig ni Elias ang sagot niya, sinabi nito, "Huwag kang matakot. Humayo ka, at gawin mo ang iyong sinabi...Sapagkat ganito ang sinabi ng PANGINOON, ng Diyos ng Israel, 'Ang tapayan ng harina ay hindi magkukulang, o ang banga ng langis man ay mauubusan hanggang sa araw na magpaulan ang PANGINOON sa ibabaw ng lupa'" (1 Mga Hari 17:13-14).

Hindi madaling sundin ng mga pangkaraniwang tao si Elias at bigyan siya ng pagkain na napakamahalaga dahil matindi ang tagtuyot noong panahong iyon. Iisipin nila, "Bakit sa akin pa siya hihingi ng pagkain, isang mahirap na balo lang ako samantalang napakamakapangyarihan niya." Subalit sumunod lang ang balo ng Zarefta, hindi siya nagdahilan. Makikita natin ang malaking tiwala ng balo sa Diyos at sa Kanyang lingkod at kung gaano kaganda ng kalooban nito.

### 3. Binibiyayaan ang mga nagbibigay sa kapwa nang walang pasubali

Batid ng Diyos ang kabutihan ng balo, kaya ito ang pinili Niya sa dinami-dami ng tao para magbigay ng pagkain kay Elias. Dahil dito, bumukas ang pintuan ng mga biyaya para sa balo ng Zarefta.

Ayon sa 1 Mga Hari 17:15-16, "Siya'y humayo, at ginawa ang ayon sa sinabi ni Elias. At ang babae, siya at ang sambahayan ng babae ay kumain nang maraming araw. Ang tapayan ng harina ay hindi nagkulang, o ang banga ng langis man ay naubusan, ayon sa salita ng PANGINOON na kanyang sinabi sa pamamagitan ni Elias." Kamangha-mangha ang pagpapalang tinanggap niya hanggang matapos ang matinding tagtuyot.

Dapat nating tandaan ang katotohanang ang kabutihang loob ng balo ay ibinigay sa kanya dahil iniibig siya ng Diyos. Samakatwid, huwag nating pabayaan ang paglilingkod natin sa kapwa kasama na ang mga pastor sa iglesya natin at ang paglilingkod natin sa Diyos.

Dahil sa kagandahang loob, maaaring nagpakita rin ng kabutihan ang balo ng Zarefta sa mga taong hindi lingkod ng Diyos. Ipinadala ng Diyos si Elias sa kanya dahil batid Niya ang kabutihan nito. Si Elias ang pinili ng Diyos para maghatid ng mga biyaya kahit mayroong ibang paraan para makakain si Elias.

Kung maramot siya, paano niya susundin si Elias gayong may matinding tagtuyot at taggutom noon? Subalit hindi siya maramot kundi mabuting tao siya, gusto niyang tulungan ang ibang tao. Kaya sinunod niya si Elias at tumanggap siya ng kamangha-manghang mga biyaya.

Halos mamatay ang balo ng Zarefta sa tagtuyot na tumagal ng tatlong kalahating taon. Pero dahil sa kabutihan niya, kumilos ang Diyos para makakain at mabuhay siya nang walang alalahanin sa tagtuyot.

Inilalantad ng Diyos ang mga taong may mabuting kalooban at tinitiyak na bibiyayaan sila sa itinakda Niyang panahon. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maging mga anak kayo ng Liwanag na gumagawa ng kabutihan, tumatanggap ng maraming biyaya mula sa Diyos, at niluluwalhati nang lubos ang Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# "Bakit Dapat Sumigaw at Tumangis Kapag Nananalangin?"

T Akala ko, paggalang at kabanalan ang tahimik na pananalangin sa Diyos. Subalit sa Biblia, sinasabi ng Diyos na sumigaw at tumangis tayo kapag nananalangin. Bakit natin kailangang gawin ito?

Sinasabi sa Jeremias 33:3, "Tumawag ka sa Akin, at Ako'y sasagot sa iyo, at magsasabi sa iyo ng mga dakila at makapangyarihang bagay na hindi mo nalalaman." Nangako ang Diyos na sasagutin Niya tayo kapag tatawagin natin Siya sa pananalangin. Sumisigaw tayo at tumatangis kapag nananalangin para hindi tayo antukin at mag-isip ng walang kwentang bagay. Dapat magmula sa puso ang panalangin natin.

Gayon pa man, kapag mananalangin tayo bago magsimula ang pagsamba o kapag nasa bahay at gabi na, dapat tahimik lang ang pananalangin natin para hindi maistorbo ang mga kapit-bahay. Maliban dito, kalooban ng Diyos na sumigaw at tumangis tayo kapag nananalangin.

### Sumisigaw at tumatangis sa pananalangin: Nalulugod ang Diyos dito kaya sinasagot Niya ito

Sa Lucas 22:44, makikita natin na tumatangis si Jesus habang nananalangin. Gaano ba kataimtim ang pananalangin Niya at tumulo na gaya ng dugo ang pawis Niya sa lupa?

Sinasabi sa atin ng Biblia ang tungkol sa maraming ninuno ng pananampalataya bukod kay Jesus na tumawag sa Diyos sa pananalangin. Nang ginawa ito nina Moises, Samuel, at Esteban, sinagot sila ng Diyos. (Exodo 15:22-25; Mga Bilang 12; 1 Samuel 7:7-10; Ang Mga Gawa 7:54-60)

Nakasulat sa 1 Mga Hari 17:17-24 na nang mamatay ang anak na lalaki ng balo na taga-Zarefta, tinawag ni Elias ang PANGINOON at muling nabuhay ang anak. Sumigaw at tumangis si Jonas mula sa tiyan ng malaking isda at siya ay muling nabuhay (Jonas 2) Nakakitang muli ang pulubing bulag na si Bartimeo dahil sumigaw siya nang tawagin si Jesus (Marcos 10:46-52).

Ang sumisigaw at tumatangis sa pananalangin ay nagpapakita ng pusong maalab. Sa ganitong paraan, mapupuspos tayo ng Banal na Espiritu at maitataboy ang kaaway na diyablo at Satanas. Higit pa riyan, tatanggap tayo ng mga sagot at makakaranas ng mga espirituwal na bagay. Pagkatapos, magiging mga tunay na saksi tayo ni Jesu-Cristo at makakapagpakita pa ng pagkilos ng Banal na Espiritu.

### Ang pagsigaw at pagtangis sa pananalangin: Ang paraan para tumanggap ng mga sagot ayon sa batas ng Diyos

Ang unang nilalang na si Adan ay kumain ng bunga ng punungkahoy ng pagkakaalam ng mabuti at masama kaya isinumpa siya dahil sa pagsuway niya. Kaya ang lahat ng tao ay kakain sa pamamagitan ng mabigat na paggawa habang sila ay nabubuhay (Genesis 3:17-19). Gayunman, lumaya sila sa lahat ng sumpa dahil sa pagpako sa Panginoon sa krus at muling pagkabuhay Niya. Pero kailangan pa rin silang magtrabaho at magpawis para makakain habang nabubuhay dito sa mundo. Kaya sinasabi sa 2 Mga Tesalonica 3:10, "...Kung ang sinuman ay ayaw magtrabaho ay huwag din namang kumain." Kaya kung tayo ay mananalangin, dapat maging maalab katulad ng ating pagpapawis.

At mayroon pa tayong dapat tandaan na isa pang bagay. Batid ng Diyos ang kaibuturan ng puso natin, pero hindi ito alam ng mga anghel. Kaya dapat tayong manalangin na may tunog mula sa mga bibig natin. Dahil nakikinig ang mga anghel sa dalangin natin, dadalhin nila ito sa mga arkanghel, at ang mga arkanghel ang mag-iipon ng mabangong samyo ng mga panalangin natin para ilagay sa lalagyan ng panalangin na nasa paligid ng trono ng Diyos. Kaya kapag sumigaw at tumangis tayo sa pananalangin, inihahandog ito sa trono ng Diyos at tatanggap tayo ng sagot mula sa Kanya.

### Ang espirituwal na kahulugan ng "Kapag ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong silid"

Baka tanungin ng iba kung bakit dapat sumigaw at tumangis sa pananalangin gayung sinasabi naman sa Mateo 6:6, "Ngunit kapag ikaw ay mananalagin, pumasok ka sa iyong silid, at pagkasara mo ng iyong pinto ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim." Subalit intindihin natin ang espirituwal na kahulugan nito dahil ang Biblia ay isinulat sa inspirasyon ng Espiritu.

Nakatala sa Lucas 6:12 na nanalangin si Jesus sa bundok buong gabi. Nanalangin din Siya sa isang tagong lugar isang umaga gaya ng nakasulat sa Marcos 1:35. Hindi siya nanalangin sa loob ng silid. Nanalangin si Daniel habang nakabukas ang mga bintana na nakaharap sa Israel (Daniel 6:10), si Pedro ay nanalangin sa bubungan ng bahay (Ang Mga Gawa 10:9), at si apostol Pablo ay nanalangin sa dako ng dalanginan (Ang Mga Gawa 16:13-16). Ginawa nila ito para makasigaw at tumangis sa pananalangin nang buong puso at isipan.

Kaya, ano ang ibig sabihin ni Jesus nang ituro Niya sa atin na pumasok sa silid para manalangin? Sa Biblia, ang "silid" ay sumisimbolo sa puso ng tao. Maaari tayong humiwalay sa kapaligiran natin kung isasarado natin ang pintuan ng silid na nakatago at tahimik. Gayon din naman, tanggalin natin ang mga walang saysay na saloobin, mga alalahanin, pagkabahala, at manalangin nang buong puso.

Ang mensaheng ito ni Jesus ay naging daan para maiwasan ng mga tao ang paraan ng pananalangin ng mga Fariseo at mga pari na malalakas ang boses kapag nananalangin para magyabang. Gustong ituro ni Jesus sa mga tao na hindi katanggap-tanggap sa Diyos ang mga panalanging ganito. Sa madaling salita, sinasabihan Niya tayong manalangin mula sa kaibuturan ng puso natin.

Samakatwid, dahil kilala tayo ng Diyos at alam Niya ang nangyayari sa buhay natin, maibibigay Niya ang lahat sa atin. Siya kasi ang Diyos ng lahat ng bagay. Pero dapat tayong manalangin nang buong puso at isipan at huwag nating ipagmalaki na nananalangin tayo palagi.

## Mga Salitang Ginamit sa Biblia

### ◆ Ano ang kahulugan ng 'pagsasalita ng iba't ibang wika'?

Nakasulat sa 1 Mga Taga-Corinto 14:5 na gusto ng Diyos na makapagsalita ang lahat ng mga anak Niya ng iba't ibang wika. Isa ito sa mga kaloob ng Banal na Espiritu na nakasulat sa 1 Mga Taga-Corinto 12:10. Kapag nagsasalita tayo sa iba't ibang wika, sinasabi natin ang mga lihim sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Dahil dito, hindi makakapanggulo ang kaaway na diyablo at Satanas sa pananalangin natin. Makakatulong din ito sa paglago ng espiritu natin.

Sa pananalangin sa iba't ibang wika, namamagitan para sa atin ang Banal na Espiritu mismo, kaya maaari nating hilingin sa Diyos kahit ang mga bagay na hindi natin alam at ang mga bagay na pinakakailangan natin sa paningin Niya. Kaya mas mabilis nating tatanggapin ang mga kasagutan. Mapupuspos din tayo ng Banal na Espiritu, kaya hindi mapapagod ang pisikal na katawan natin at maitataboy natin ang mga pagsubok at dalamhati.

At mas magiging malinaw ang pakikipag-ugnayan natin sa Diyos. Malalaman din natin ang mangyayari sa hinaharap kung makakamit natin ang kabanalan dahil sinasaliksik ng Banal na Espiritu ang kalooban ng Diyos. Sa ganitong paraan, mas malaki ang pag-asa nating lahat sa Langit at mapupuno tayo ng pananampalataya kung mananalangin tayo sa iba't ibang wika. Magiging masagana ang mga kaluluwa natin.

Gayunman, kung sa iba't ibang wika lang tayo mananalangin, hindi magiging mabunga ang isipan natin gaya ng sinasabi sa 1 Mga Taga-Corinto 14:14. Kaya dapat tayong manalangin sa espiritu at isipan. Ang pananalangin sa iba't ibang wika ay pananalangin sa espiritu kaya ang hinihiling nito ay kasaganahan lang ng kaluluwa. Subalit kasama sa pananalangin sa isipan ang paghahangad muna sa kaharian at kabanalan ng Diyos at paghiling sa mga minimithi ng puso tulad ng sagot sa mga problema sa pamilya, trabaho, negosyo at iba pa. Samakatwid, umaasa kami na magiging mas malakas kayong mga Cristiano sa pamamagitan ng pananalangin sa iba't ibang wika at sa isipan.

GCN
GLOBAL · CHRISTIAN · NETWORK
Tel: 82-2-824-7107
www.gcntv.org
e-mail: webmaster@gcntv.org

MIS
Manmin International Seminary
Tel: 82-2-818-7334
www.manminseminary.org
e-mail: manminseminary2004@gmail.com

WCDN
World Christian Doctors Network
Tel: 82-2-818-7039
www.wcdn.org
e-mail: wcdnkorea@gmail.com

URIMBOOKS
Tel: 82-70-8240-2075
urimbooks.com
e-mail: urimbook@hotmail.com

# Pagsasama-sama ng mga Sangay na Iglesya sa Hilagang America sa Retreat sa Tag-init: Napuno ng Kasiyahan

Noong Hulyo 9-12, 2012, nagsama-sama ang mga sangay na iglesya sa Hilagang America para sa isang retreat. Idinaos ito sa Victory Bible College sa Calgary, Alberta, Canada sa pamumuno ni Pastora Heesun Lee (Pangkalahatang Tagapayong Pastor ng Misyon ng Kalalakihan at Kababaihan). Ang paksa ng retreat ay "Spirit (John 4:24)". Iba't iba ang idinaos na programa tulad ng mga seminar, pagpapalabas ng mga plano para sa ministeryo sa Hilagang America, palaro ng mga atleta, pagsamba at pag-awit sa may camp fire. Dinaluhan ito ng mga misyonero at mga miyembro mula sa Calgary, Vancouver, Edmonton, at Toronto, sa Canada; at Los Angeles, Sacramento, New York, Washington, New Jersey, Chicago, at North Carolina, sa Estados Unidos. Ang pagkakaisa nila ay kamangha-mangha. Natatangi ang Entrance Service (Pagsamba ng Pagsisimula) noong Hulyo 17 ng Manmin Mission Center sa Garden Grove, Orange County, California, Estados Unidos, na nagbigay sa kanila ng mga bagong panukala tungkol sa ministeryo sa Hilagang America.



## Pagkakaisa sa Banal na Espiritu

**Pastor Caleb Chunho Kim**
(Calgary Manmin Church, Canada)

Sa Retreat sa Tag-init, pinagkaisa ng Banal na Espiritu ang mga sangay na iglesya sa Hilagang America. Ang mga mananampalataya na nakatanggap ng maraming pagpapala sa Hilagang America sa pamamagitan ng internet ay nabiyayaan ng espirituwal na lakas. Ito rin ang malaking pagkakataon para sa pangalawang henerasyon ng Manmin na makilala bilang mahahalagang kabahagi at mga katuwang sa ministeryo sa Hilagang America.

Inihatid ni Pastora Heesun Lee ang mensahe at nanguna siya sa oras ng pananalangin. Napuno ito ng pagpapala. Tinakpan ng mga ulap ang araw at mayroong malamig na simoy ng hangin habang isinasagawa ang palaro ng mga atleta. Sa pagsamba at papuri sa may *camp fire*, nagdesisyon ang mga pastor at ang mga miyembro na magbibigay lugod sila sa Diyos sa mga gawaing may pananampalataya at pag-ibig. Dahil nakita namin ang mga himala sa kalangitan, naranasan namin ang espirituwal na kaharian at napuno kami ng pag-asa para sa Langit.

Nagbigay ng espesyal na pagtatanghal ang mga miyembro ng Misyon para sa Kababaihan mula sa New York, California, at Calgary. Nakadagdag sa kasiyahan ang mga bata at mga estudyante. Buong galak na nagtanghal din ang The Power Team mula sa Manmin Central Church. Nagdulot ito ng pagpapala sa amin. Sumigaw kami ng "Encore" at nagtayuan kami sa bawat pagtatanghal.

Lahat ng pasasalamat at kaluwalhatian ay sa Diyos na kasama namin, puspos ng pagpapala at nangunguna sa amin sa lahat ng pagkakataon. Ipinaaabot ko ang taos-pusong pasasalamat kay Dr. Jaerock Lee na idinadalangin kami nang may pag-ibig.

## Pagsisisi, Pagpaplano, at Bagong Simula

**Pastor James Sim**
(Manmin International Church, New York, USA)

Umasa ako na sa pamamagitan ng retreat na ito, ang mga miyembro ng aming iglesya ay magkakaroon ng tunay na pagmamahal para matapang na maipahayag ang ebanghelyo ng kabanalan at ang makapangyarihang pagkilos na may katiyakan at pananampalataya sa Hilagang America pati na sa New York. Pinaghandaan ko ang okasyong ito, idinalangin ko na magkaroon kami ng perpektong bunga ng binhi ng ebanghelyo ng kabanalan na inihasik noong Krusada ng Pagkakaisa sa New York noong 2006 na pinangunahan ni Dr. Jaerock Lee.

Ibinahagi ni Pastora Heesun Lee ang mensaheng batay sa ipinahayag ni Dr. Lee sa mga mensahe niya at sa seminar para sa mga lider noong 2011. Mas nagsikap kaming malampasan ang antas ng matatag na pananampalataya patungo sa pagiging espirituwal at banal.

Lumago ang pananampalataya namin. Napuno kami ng pag-ibig ng Diyos nang makita namin ang paggalaw at pagsasayaw ng mga bituin at iba't ibang imahe ng liwanag sa espirituwal na kalawakan ng Diyos sa kalangitan ng Calgary.

Ang mga misyonero ay nagsama-sama at nanalangin bago mag madaling-araw. Nagsisi kami nang lubos at nagdesisyon. Pinagsisihan namin na hindi kami umasa sa Diyos nang lubusan at hindi ipinamuhay ang Kanyang Salita. Determinado kaming ipangaral sa New York at sa Hilagang America ang ebanghelyo ng kabanalan at ang kapangyarihan ng pastol.

Nagpapasalamat ako kay Dr. Lee na nananalangin para sa akin, sa pagmamahal at pagmamalasakit ni Pastora Heesun Lee, at sa Calgary Manmin Church na nagpakita ng malaking pagmamahal sa pagiging punong-abala sa retreat.



Mula sa kanan, Pastor James Sim, Misyonero Hangyeal Kim, Pastor Caleb Chunho Kim, Misyonero Jaebaek Lee, at Pastor Peter Taemoon Jeon

## Pagsamba sa Pagsisimula ng Manmin Mission Center sa California

**Misyonero Hangyeal Kim**
(Manmin Mission Center, California, Estados Unidos)



Noong Hulyo 17, 2012, idinaos namin kasama si Pastora Heesun Lee ang pagsamba sa pagsisimula ng Manmin Mission Center sa California.

Pagkatapos maisugo bilang misyonero sa Kanlurang America, idinalangin ko ang lugar kung saan ako magmiministeryo. Nagpakita sa akin ang Diyos ng bahaghari sa Irvine para doon ako manirahan. Naniwala ako na ginagabayan ako ng Diyos kaya ipinagkatiwala ko na sa Kanya ang lahat sa panalangin.

Noong una, napakaliit ng bahay ko kaya wala akong lugar na dalanginan. Kaya nanalangin ako sa kotse, sa garahe, at sa isang maliit na lugar katabi ng pakuluan. Nagpapasalamat lang ako dahil naging misyonero ako para magbahagi ng ebanghelyo ng kabanalan.

Habang tumatagal, naging desperado ako sa paghahanap ng lugar para sa pananalangin ko at makapaglingkod bilang misyonero. Hiniling ko kay Dr. Jaerock Lee na ipanalangin ito, at tumanggap ako ng kasagutan. Malamang na ipinagbibili sa mataas na presyo ang bahay na ito dahil nasa magandang lugar ito, pero nabili ko nang mas mababa pa sa kalahati ng totoong presyo.

Habang nagbabahagi ako ng ebanghelyo ng kabanalan, nalaman kong marami pala ang nag-aabang dito. Sinabi nila, "Ang mensaheng ito ay puno ng buhay at humahaplos sa puso." Mula ngayon, gagawin ko ang lahat para maging pangunahing saligan ang mission center ko sa pagbabahagi ng ebanghelyo ng kabanalan. Ang lahat ng pasasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na may Tatlong Persona na nagbasbas sa amin para maidaos ang pagsamba ng pagsisimula.

### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714